INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 4 April 2026, eISSN: 2799-0664

# Error Analysis ng mga Sulating Sanaysay: Batayan sa Pagbuo ng Mungkahing Learning Activity Sheets na Panggramatika

**John Kenneth O. Polborido**
Bulacan State University
*Antonio A. Maceda Integrated School*
johnkenneth.polborido@deped.gov.ph

*Abstract* — Sa pag-aaral ng wika at gramatika, mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral ang mga tuntuning pangwika sa pagsulat ng sanaysay upang magkaroon ng tama, maayos at manilaw na sulatin. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral, maikategorya, maitama at makabuo ng mungkahing Learning Activity Sheets (LAS) na magagamit sa pagkatuto ng gramatika sa pagsulat. Gumamit ng *mixed-method* upang masuri ang pagkakamali at makuha ang bahagdan nito na naging batayan sa pagbuo ng LAS. Gumamit ng simple-random sampling mula sa ikasampung baitang ng Ramon Magsaysay High School at Claro M. Recto High gamit ang *raosoft application* upang makuha ang sampol ng populasyon na 306. Nagkaroon ng 120 na pagkakamali ang nakita sa mga sulatin ng mag-aaral. Lumabas na nagkakamali sila sa pagsulat ng sanaysay sa ispeling, gramatika, adisyon, omisyon, ayos ng mga salita sa pangungusap at maling paggamit ng salita. Maling paggamit ng salita ang naging pinakamalaking pagkakamali na may 28 o 24.80%. Sinundan ng pagkakamali sa gramatika na may 24 o 21.30%, at ang pangatlo sa pinakamalaking bahagdan ng pagkakamali ay sa Ispeling na may 21 na pagkakamali o 18.60%. Ang resultang ito ng pag-aaral ay nagpapakita na dapat pang pagtuunan ng guro ang pagtuturo ng pundasyon sa pagsulat lalong-lalo na ang ispeling, gramatika, at paggamit ng mga salita sa pangungusap. Iminungkahi na magkaroon ng pagtuturo ang guro sa tamang paggamit ng ispeling at gramatika, gayundin ang tamang paggamit ng mga salita sa pangungusap. Inirekomenda ng pag-aaral na gamitin ang nalikhang LAS upang mapataas ang kasanayang gramatikal ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika sa pagsulat ng sanaysay.

***Keywords: Error Analysis, Sanaysay, Learning Activity Sheets, Gramatika, Pagsulat***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 4 April 2026, eISSN: 2799-0664

## I. INTRODUCTION

Ang sulating sanaysay, pormal man o hindi pormal, ay isang pangangailangang papel para sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin at pananaw sa isang tiyak na paksa. Nalilinang din sa gawaing ito ang kanilang kakayahan sa wastong pagpili ng salita at pagsasalansan ng mga kaalaman at kaisipan. Nabibigyang-pansin maging ang pamamaraan upang maging mas mahusay pang manunulat ang mga mag-aaral na ang karaniwang nilalaman ay tungkol sa proseso ng tamang pagsulat, mga hakbang sa pagsulat tulad ng sanaysay, maikling kuwento, nobela at iba pang katulad nito. Binigyang pagpapakahulugan ng Cambridge Dictionary (2025) ang pagsulat bilang mga likhang limbag tulad ng mga kuwento o tula ng isang tao o grupo ng mga tao.

Sa mga nakaraang pag-aaral ay wikang Ingles ang ginamit na batayan sa pagsusuri ng mga error analysis. Kung gagamitin naman ang wikang Filipino sa pagsusuri ng mga komposisyon, maaaring maging iba ang mga resultang makita. Una, bagaman may Subject-Verb-Agreement sa Filipino, hindi ganoon kakomplikado hindi tulad sa Ingles. Hindi rin gumagamit ng mga tenses sa wikang Filipino sapagkat ang estruktura ng Filipino ay iba sa Ingles. Sa pag-aaral ni Rajagukguk (2023), ang ginamit na error analysis ay ikinategorya ang mga pagkakamali batay sa omisyon, adisyon, misinformation, at misordering. Dahil sa magkaiba ang estruktura ng Filipino at Ingles, nais tukuyin ng pag-aaral na ito ang pagkakamaling masusuri sa sanaysay ng mga mag-aaral nang naaayon sa tuntuning pangwika gamit ang wikang Filipino. Sa pagkatuto ng wika, marapat na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika at gramatika gamit ang Ortograpiyang Filipino. Ito ang ginagamit na batayan ng mga nagtuturo ng wika upang magkaroon ng iisa lamang na tuntuning sa pagsulat. Iisa ang pamantayan o istandard ng mga gumagamit at nagtuturo ng Filipino bilang wika at asignatura. Nagkakaroon ng mga pagkakamali sa pagsulat sapagkat hindi naman unang wika ito ng karamihan sa mga Pilipino. Kung mali ang paggamit ng mga tuntuning pangwika, magkakaroon ng kalituhan o kaya naman ay magiging mali ang pagkaunawa ng mensaheng nais iparating ng isang taong nagsasalita o sumusulat. Naglalayon ang pananaliksik na ito na masuri at maitama ang mga pagkakamali ng mag-aaral sa kanilang pagsulat sa pamamagitan ng Error Analysis. Ikinategorya ang mga pagkakamali batay sa adisyon, omisyon, maling ispeling, maling gamit ng salita, at maling pagkakaayos ng salita sa pangungusap. Susuriin ang mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pangungusap at tutukuyin ang mga pagkakamali batay sa kategoryang itinakda ng mananaliksik. Matapos matukoy ang pagkakamali, itinama ito sang-ayon sa tuntuning pangwika sa Filipino. Matapos matukoy ang pagkakamali ay binilang ito batay sa bahagdan o percentage. Naging batayan ng mananaliksik ang bahagdan ng mga pagkakamali upang makalikha ng mga Learning Activity Sheets na Panggramatika.

## Literature Review

### Error Analysis

Ang Error Analysis ay pamamaraan o metodo na ginagamit upang itala ang mga pagkakamali o errors na nakita sa indibiduwal na gumagamit ng wika, tukuyin kung ito ay maikakategoryang sistematiko at kung maaari ay maipaliwanag ang nagiging dahilan ng mga pagkakamali. (University of Minnesota, 2021). Binigyang pagpapakahulugan pa ni Pasaribu (2021) ang Error Analysis bilang pamamaraan upang matukiy ang mga pagkakamali, ang kalikasan nito, mga dahilan, at ang pagkakasunod-sunod ng mga pagkakamali sa wika. Dagdag pa niya, ang Error Analysis (EA) ay paglalarawan at sistematikong pagpapaliwanag ng error sa wika na nalilikha ng mga mag-aaral sa kanilang pasulat o pasalitang paggamit ng ikawalang wika na may iba ring tuntuning sinusunod. Ipinaliwanag naman ni Aprianto (2022 mula kay Corder 1967) ang error analysis bilang proseso ay nilikha upang mangolekta ng likha ng mag-aaral, ilarawan ang pagkakamali, ikategorya ang pagkakamali batay sa kalikasaan at kadahilanan, at upang masukat ang kabisaan ng pagkatuto ng wika ng nag-aaral nito. Ang error ay hindi maiiwasang karanasan ng nag-aaral ng wika. Ibig sabihin, magagamit ang pagkakamali ng mag-aaral ng wika upang mas lalo pang mapaunlad ang kaniyang kakayahan sa pagsulat sa mga tuntuning pangwika na kaniyang ginagamit. Malaki ang naging ambag ni Corder sa larangnan ng pagtuturo ng wika. Naging siyentipikong kaparaanan ito upang maitama ang pagkakamali ng mag-aaral na natututo ng wika. Ipinakita ni Corder (1967) kung paano makatutulong ang EA sa mga guro, mananaliksik, at mag-aaral bilang salamin ng pagkatuto ng mag-aaral sa *inter-language* na pag-unlad. Binanggit pa niya na habang natututuhan ang unang wika, nagkakaroon ng maraming pagkakamali ang mga mag-

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

aaral at gumagamit ng wika na maituturing na natural at kinakailangan sa pag-unlad ng kakayahang pangwika ng indibiduwal. Samantala, ipinaliwanag nina Eng, L. S., Luyue, C. at Lim, C.K (2020 na ipinaliwanag ni Alfiyani, 2013) ang pagkakaiba ng error sa mistake. Ang mga mistake ay maaaring mabago sapagkat ang mistakes ay dahil sa hindi pag-iingat ng gumagamit ng wika. Samantala, ang error ay tumutukoy sa kakayahang pangwika ng mag-aaral at hindi ito maitatama ng mag-aaral na nag-aaral ng wika.

**Ortograpiyang Filipino**

Sa isinulat ni Almario (2013) na Ortograpiyang Pambansa, nagkaroon siya ng ilang pagbabalik sa kasaysayan ng wikang Pambansa. Tinukoy niya na ang gay sa ortograpiya o palatitikan ay binubuo ng tuntunin kung paano sumulat gamit ang pambansang wika. Mahalaga ang ortograpiyang pambansa sa lahat ng antas ng lipunan upang magkaroon ng isang maayos na pagkakaunawaan at komunikayon pagdating sa pagsulat. Ipinaliwanag niya na ang naging batayan ng mga tuntuning nalikha ay mula sa mga panayam at konsultasyon sa paggamit ng wikang pambansa hinggil sa mga usapin sa ispeling. Nilalayon ng nasulat na tuntuning pangwika na magkaroon ng istandardisadong mga grapema o pasulat na mga simbolo at mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Ipinakita rin sa ortograpiyang kaniyang isinulat ang pagbabago sa panahon ng abakadang Tagalog hanggang sa modernisadong alpabeto na binabasa sa paraang pa-Ingles. Sa pagtalakay ng mga eksperto sa wika noong 2013, nagkaroon ng mithiing palaganapin ang estandardisadong mga tuntunin sa grafema o mga pasulat na simbolo at mga tuntunin sa pagbigkas ng mga ito. Pinunto ni Almario (2013) na hindi magiging katapusan ng paglikha ng mga tuntuning pangwika ang mga nalikha sa loob ng ortograpiya sapagkat binidyang-diin niya ang sinabi ni de Saussure (1906) na buhay ang wika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Mga karaniwang pagkakamali**

Sa pagpapaliwanag nina Asni at Susanti (2018, mula kay Dulay et al., 1982), tinukoy ang omisyon bilang uri ng pagkakamali kung saan hindi nailalagay ang bahagi ng isang salita o buong salita sa loob ng pangungusap. Ito ay pagtatanggal ng bahagi na dapat ay makita sa isang pangungusap na sumusunod sa tuntuning pangwika. Halimbawang pangungusap nito ay: Si Pedro nanungkit ng mangga sa kabilang bakod. (pagkakamaling omisyon) Paliwanag at pagkakategorya: Mali ang pangungusap sapagkat may salitang hindi naisama o naitanggal mula dito. Pagtatama: Ang tamang pangungusap ay: Si Pedro ay nanungkit ng mangga sa kabilang bakod.

**Adisyon**

Samantala, binanggit sa pag-aaral nina Asni at Susanti (2018) ang adisyon naman bilang pagdadagdag ng salita o bahagi ng salita na hindi dapat kasama sa kabuuan ng pangungusap. Batay sa kanila, ang adisyon ay kabaligtaran ng omisyon. Kung ang omisyon ay pagbabawas ng bahagi ng salita o salita sa pangungusap, ang adisyon naman ay pagdadagdag ng mga bahaging hindi naman dapat kasama sa salita sa loob ng pangungusap. Halimbawa: Nagkakagulo ang mga kababaihan sa kanilang paghahanda sa kasal. Paliwanag at pagkakategorya: Hindi dapat magkaroon pa ng salitang “mga” sa bahaging ito ng pangungusap sapagkat magkakaroon na ng pluralisasyon kung magiging “mga” pa rin ang kababaihan. Pagtatama: Nagkakagulo ang kababaihan sa kanilang paghahanda sa kasal.

**Gramatika**

Ang mga lingguwista at iskolar ay may iba’t ibang pagpapakahulugan sa salitang gramatika. Ayon sa tagaloglang.com, ang gramatika ay ang wastong paggamit ng salita at pagsulat nito ayon sa mga tuntuning pangwika. Samantala, tinukoy naman ng Diksyunaryo ng Britannica (2024) ang gramatika bilang tuntuning pangwika na ang sakop ay mga tunog, salita, pangungusap,

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

at iba pang elemento, gayundin ang pagsasanib ng mga ito at interpretasyon. Hindi lamang tumutukoy ang gramatika sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantiks; tumutukoy rin ito sa mga bahagi ng pananalita tulad ng pangngalan, panghalip, pantukoy, at iba pang bahagi ng pananalita. Sa kaso ng Filipino bilang wikang susuriin, matutukoy sa pananaliksik na ito ang mga pagkakamaling makikita sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral.

**Wastong Gamit ng Salita**

Binigyang-kahulugan ni Misa (2021, p. 59) ang pagpili ng wastong gamit ng salita bilang angkop na pagkakagamit ng mga salita sa isang pangungusap. May mga salitang inaakalang tama o wasto ngunit hindi naman. Isang halimbawa ng salitang ginagamit sa Filipino ay ang salitang "bumulusok." Ginagamit ito sa pagsulat ng iskrip o balita. Nagagamit ang salitang bumulusok sa pangungusap na "Bumulusok paitaas ang presyo ng mga bilihin." Kung titignan ang kahulugan nito sa diksyunaryo, nangangahulugan itong pababa at hindi paitaas. Ayon kay Misa (2021), tulay sa isang masining na pagpapahayag ang paggamit ng wastong salita. Samantala, ipinaliwanag pa ni Misa (2021, p. 59) sa kaniyang pagsusuri na ang mga karaniwang pagkakamali sa paggamit ng salita ay nasa mayroon at may, nang na mahaba at maiksi, subukin at subukan, pahirin at pahiran, kong at kung, at iba pang katulad nito. Makikita mula dito ang karaniwang nagiging pagkakamali ng paggamit ng mga nag-aaral ng wika sa mga salitang kanilang nagagamit. Sa Ingles, ang karaniwang nagiging pagkakamali ay sa subject-verb agreement, omisyon, at adisyon; samantalang sa Filipino ay paggamit ng salita sa pangungusap.

**Ayos ng salita sa Pangungusap**

Ang hindi tamang ayos ng salita sa loob ng pangungusap ay nangangahulugang hindi tamang paglalagay ng mga morpema o salita batay sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita sa pangungusap (Dulay et al., 1982, p. 162). Halimbawang pagkakamali: Hindi siya mo kilala. Paliwanag at pagkakategorya: Makikita sa pangungusap na ito na nagkabaliktad ang salitang siya at mo. Pagtatama: Hindi mo siya kilala. Makikita sa halimbawa ang pagkakamali sa itaas ay ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pagkakaroon ng error sa sintaks ng pangungusap. Batay sa pangungusap na ito, mauuna ang mo na siyang tumutukoy sa taong kausap, samantalang tumutukoy naman ang siya sa taong kinakausap sa pangungusap. May pagkakaiba ang sintaks ng wikang Filipino at Ingles dahil kung isasalin ito, ang magiging pangungusap ay "You don't know him/her."

## II. METHODOLOGY

Gumamit ng pinagsamang kuwalitatibo at kuwantitatibong pananaliksik (mixed method) ang mananaliksik upang masagot ang mga suliranin ng pananaliksik. Sa pananaliksik na ito ay ginamit ang kuwalitatibong pamamaraan upang masuri ang mga sanaysay ng mag-aaral, habang sa kuwantitatibong pamamaraan naman ay upang makita ang mga bahagdan ng pagkakamali mula sa mga parametrong ginamit sa pananaliksik na ito. Error Analysis (EA) ang inilapat na teknik upang makolekta ang mga pagkakamali, matukoy, maikategorya, mailarawan, maipaliwanag, at masuri ang mga naging pagkakamali sa pamamagitan ng sanaysay ng mga mag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng Microsoft Word upang maitala at masuri ang mga makukuhang error o pagkakamali sa pananaliksik. Upang magkaroon ng sistematikong pagtukoy sa mga pagkakamali, gumamit ang mananaliksik ng Deskriptibong Taksonomiya upang maikategorya nang maayos ang mga paglalarawan sa obserbasyon o datos na kalimitang nakabatay sa paksa o tema. Mahalaga ito sa mga deskriptibong pananaliksik upang malinaw na mailarawan ang mga penomenon (Watson, et al., 2015). Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga mag-aaral ng ika-10 baitang mula sa Ramon Magsaysay High School at Claro M. Recto High School, kung saan 306 na kalahok ang napili mula sa kabuuang populasyong 1,498 gamit ang Simple Random Sampling sa pamamagitan ng fishbowl technique. Gumamit ang mananaliksik ng dokumentong pag-aanalisa sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay upang matukoy at masuri ang mga pagkakamaling pangwika. Ang pagsusuri ay ginabayan ng Error Analysis ni Corder (1974) at Deskriptibong Taksonomiya, at nagsilbing batayan sa pagbuo ng Learning Activity Sheets alinsunod sa pamantayan ng DepEd. Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot sa mga kinauukulang tanggapan at paaralan, at pinasulat ang mga mag-aaral ng sulat-kamay na sanaysay na may paksang "Mga paraan upang maging maunlad ang bansa" sa loob ng isang oras, matapos makakuha ng pahintulot mula sa kanilang mga magulang.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang limang hakbang ng Error Analysis: pagkuha, pagtukoy, deskripsyon, pagpapaliwanag, at ebalwasyon ng mga pagkakamali. Ang mga error ay ikinategorya batay sa Deskriptibong Taksonomiya sa ilalim ng korpus, deskripsyon, at modipikasyon, at inuri ayon sa adisyon, omisyon, gramatika, ispeling, gamit ng salita, at ayos ng pangungusap. Gumamit din ng percentage formula upang matukoy ang pinakamadalas na pagkakamali na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga kagamitang panturo. Sa kwalitatibong pagsusuri, inilahad ang mga pagkakamali, paliwanag, at wastong anyo ng mga ito sa pamamagitan ng talahanayan, upang higit na maunawaan at maitama ang mga suliraning pangwika ng mga mag-aaral.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa bahaging ito ang mga resulta batay sa katanungan ng pananaliksik na ito:

***Mga Pagkakamaling Natukoy Mula sa mga Sulating Sanaysay ng mga mag-aaral Gamit ang Error Analysis:***

| Mga Pagkakamali | Bilang ng Pagkakamali |
|---|---|
| bantas | 4 |
| ispeling | 17 |
| adisyon | 15 |
| omisyon | 18 |
| gramatika | 27 |
| paggamit ng salita | 32 |
| kontraksyon ng salita | 4 |
| ayos ng salita sa pangungusap | 3 |
| **Kabuoan** | **120** |

Makikita sa Talahanayan  ang iba't ibang mga pagkakamali sa naging pagsusuri gamit ang Error Analysis. Lumabas sa pagsusuri na maling gamit ng bantas, ispeling, adisyon, omisyon, gramatika, paggamit ng salita, kontraksyon ng salita, at ayos ng salita sa pangungusap ang mga naging pagkakamali. Sa mga pagkakamaling ito, makikita na madalas na nagkakamali ang mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 4 April 2026, eISSN: 2799-0664

mag-aaral sa paggamit ng salita, gramatika, ispeling, at adisyon. Samantala, hindi gaanong nagkakamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng bantas, kontraksyon ng mga salita, at ayos ng mga salita sa pangungusap.Sinusuportahan ng mga datos na ito ang naging pag-aaral nina Asni at Susanti (2018) ukol sa mga pagkakamali ng mag-aaral sa mga sulatin. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang pagkakamaling omisyon, adisyon, at pagpili ng mga salita ang tatlong pinakamaraming pagkakamali sa sulatin ng mga mag-aaral. Makikita rin sa naging resulta ng pag-aaral na ito na may pagkakahawig sa mga bilang tulad ng paggamit ng salita, gramatika, at omisyon. May pagkakapareho rin ang ipinakita sa talahanayan sa naging konklusyon ng pag-aaral ni Placer (2022). May katamtamang kaalaman ang mga mag-aaral sa pagpili at pagsulat ng tamang ispeling ng mga salita sa Filipino. Makikita ang kaniyang pagpapaliwanag sa pag-aaral na ito dahil ispeling din ang isa sa pinakamaraming naging pagkakamali ng mga mag-aaral sa kanilang sulating sanaysay. Kakulangan din sa kaalaman sa ortograpiyang Filipino ang lumabas sa naging pagsusuri; hindi pamilyar ang mga mag-aaral sa tamang ispeling ng mga morpema at sa tuntunin nito.

***Ilan sa mga pagkakamali sa ispeling ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| Pagkakamaling Ispeling | Bilang ng Error sa Deskriptibong Taksonomiya |
|---|---|
| mapa-unlad | 1 |
| maso-solusyunan | 6 |
| matsyaga | 8 |
| ngayun | 11 |
| kaylangan | 16 |
| processo | 19 |
| mamayan | 23 |
| nag-bibigay | 24 |
| matulongan | 30 |
| kuntento | 33 |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Makikita sa Talahanayan sa itaas ang mga pagkakamaling ispeling sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral gamit ang Error Analysis. Makikita sa mga sulatin nila na ang naging ispeling ng mga salitang kanilang isinulat ay kung paano nila ito binibigkas, ganoon nila ito isinusulat. Ilan sa mga salitang ito ay ang matsyaga (matiyaga), kaylangan (kailangan), matulongin (matulungin), kuntento (kontento), matoto (matuto), den (din), at bubuto (boboto). Ilan lamang ito sa mga pagkakamali sa ispeling na nakita sa mga sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Napansin din ng mananaliksik na may mga salitang may gitling kahit sa tuntunin ng ispeling ay hindi naman dapat ginitlingan. Ilan sa mga salitang ito ay mapa-unlad, maso-solusyunan, at pinaka-ninanais. Nakaliligtaan din nila ang tuntunin sa pagsulat dahil sa mas madalas na pagkakataon ay nagsasalita ang mag-aaral kaysa sumusulat. Sa mga paraang ito ng mag-aaral ay makikita na kung paano nila binabanggit ang salita ay ganoon nila itong binabaybay kaya nagkakamali rin sila sa pagsulat ng mga salita sa kanilang sulating sanaysay.

Pareho rin na pagkakamaling ispeling ang isa sa mga lumabas sa pag-aaral ni Tapilatu (2023). Nagkaroon ng pagkakamali sa paggamit ng ispeling dahil iba ang nakasulat kaysa sa kung paano ito binibigkas. Sa kaso naman ng pananaliksik na ito, nagpapalitan ang mga tunog at titik kaya nagkakaroon ng pagkakamali sa paggamit ng ispeling ng mga salita sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Ganito rin ang lumabas na dahilan sa pag-aaral ni Coronado (2024). Maling paggamit ng mga patinig at pagbikas ang pinakanagiging dahilan ng pagkakamali sa ispeling ng mga mag-aaral. Ilan sa nakikitang dahilan ng mananaliksik kung bakit nagpapalitan ang mga tunog na ito ay dahil sa impluwensiya ng una at ikalawang wika ng mga mag-aaral. Mapapatunayan ang obserbasyon na ito sa mga lalawiganing wika sa Pilipinas.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

***May pagkakamali sa gramatika (din at rin) ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| **Pagkakamali sa Gramatika (Paggamit ng *din* at *rin*)** | **Bilang ng Error sa Deskriptibong Taksonomiya** |
|---|---|
| Ang isang malinis, mahusay, at responsableng pamahalaan ay mahalaga **din** upang mapaunland ang bansa. | 5 |
| Nakapapangit **rin** ito sa kalikasan. | 21 |
| Isa **din** sa suliranin ng ating bansa ay ang pag-aabuso sa ating likas na yaman. | 34 |
| Para **rin** ito sa mga kababayan mong humihiling ng magandang kinabukasan. | 83 |

Isa ang tuntunin sa paggamit ng din at rin sa mga karaniwang nagiging pagkakamali ng mga mag-aaral sa gramatikal na aspekto ng wika. Kung susuriin ang mga pagkakamali, makikita rito na hindi maalam ang mga mag-aaral sa paggamit ng din at rin, kaya sila madalas na nagkakamali. Nakita ng mananaliksik na nagkakamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng tuntuning ito dahil hindi ito gaanong napapansin kapag nagsasalita ang mga mag-aaral, kaya sila rin ang isinusulat nila. Sa mga halimbawang pagkakamali, makikitang hindi gaanong pinapansin ang tuntunin sa paggamit ng din at rin dahil nakikita ng mananaliksik na hindi ito gaanong nakaapekto sa mensaheng nais iparating ng mga mag-aaral, kaya sa madalas na pagkakataon ay nagkakamali sila sa paggamit nito. Ganito rin ang ipinaliwanag ni Liu (2023) na ang pasulat na wika ay nangangailangan ng higit na pagsunod sa tuntuning pangwika at estruktura ng sintaks kung ihahambing sa pasalitang wika. Sinusuportahan ng nasabing pag-aaral ang mga pagkakamaling nakita sa paggamit ng din at rin sa mga sulating sanaysay. Kaya nagiging mali rin ang kanilang mga isinusulat dahil mas maluwag ang tuntunin sa pagsasalita kaysa sa pagsulat.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 4 April 2026, eISSN: 2799-0664

***May pagkakamali sa gramatika (ng at nang) ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| **Pagkakamali sa Gramatika (Paggamit ng *ng* at *nang*)** | **Bilang ng Error sa Deskriptibong Taksonomiya** |
|---|---|
| mga batang nasa kalye na nangangailangan **nang** edukasyon | 13 |
| Sila ay tapon **ng** tapon sa mga ilog. | 18 |
| Upang mapaunland ang bansa, kailangan ng bansa **nang** sapat na badget o pondo para sa pagpapatayo ng mga paaralan, ospital, etc. | 62 |
| Huwag nating abusuhin ang ating kalikasan at gamitin ito **ng** tama. | 116 |

Makikita sa talahanayan sa itaas ang mga pagkakamali sa gramatika pagdating sa paggamit ng ng at nang. Masusuri sa mga halimbawang pangungusap na naipagpapalit ng mga mag-aaral ang gamit ng maiksi at mahabang nang. Hindi na tinitingnan ng mga mag-aaral ang paggamit nito kung tama, sapagkat kung susuriin ang dalawang salita, iisa lamang ang paraan ng pagbasa. Malaki rin ang nagiging epekto ng komunikasyong pasalita sa pagsulat ng mga mag-aaral. Dahil may mga pagkakamali sa komunikasyong pasulat na hindi gaanong pinapansin, kaya pati sa pagsulat ay nadadala ito ng mga mag-aaral. Kakulangan sa kaalaman sa gramatika ang pinakadahilan kung bakit nagkakamali ang mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng mga tuntuning pangwika sa Filipino. Bilang patunay, ganito rin ang lumabas sa pag-aaral ni Aperocho (2022) na kakulangan sa mga tuntunin sa gramatika ang naging dahilan kung bakit nagkakamali sa pagsulat ang mga mag-aaral na naging kalahok ng pag-aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

***Ilan sa mga pagkakamali sa paggamit ng salita ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| Pagkakamali sa Paggamit ng Salita | Bilang ng Error sa Deskriptibong Taksonomiya |
|---|---|
| Kailangan **magtulong-tulungan** upang mapaunlad ang bansa. | 2 |
| Ang pagkakaisa ay nangangahulugan ng pagtutulungan at pagkakaunawaan **sa** isa't isa. | 4 |
| Ang pagkakaisa ay hindi lamang isang **parirala**, kundi isang malakas na sandata sa pagkamit ng pag-unlad. | 7 |
| Kailangan mong **magpursige** mag-aral dahil ito ang **ipinag lalaban** ngayon upang makapagtapos | 12 |
| Ang mga kabataang may **magandang** edukasyon ay mas may pagkakataon makapag-ambag sa ekonomiya. | 22 |

Makikita sa mga halimbawang pagkakamali sa Talahanayan 13 na hindi malay ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga salitang kanilang ginagamit sa mga sulating sanaysay kaya sila nagkakamali sa pagsulat. Nakaaapekto ang mga wikang banyaga sa paggamit ng mga mag-aaral ng mga salita kaya sila nagkakamali. Halimbawa na lang ang mga salitang magpursige, naaadict, etc., responsibilidad, at president. Makikita sa mga hiram na salitang ito sa Espanyol at Ingles na nagkamali ang mga mag-aaral dahil pinaghahalo nila ang dalawang wika kaya nagkakaroon ng pagkakamali sa paggamit ng salita. Masusuri sa mga salitang nagkamali ay dahil sa kakulangan ng malawak na kaalaman sa bokabularyo na nagiging dahilan upang maipaghalo ang dalawang wikang magkaiba sa iisang salita lang. May positibong epekto ang paggamit ng mga wikang banyaga sa pagsulat sapagkat mas naipahahayag nila ang kanilang mga ideya, nga lamang ay nagdudulot ito ng kahinaan sa bokabularyo at gramatika sa Filipino (Abang & Aringay, 2024).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Nahihirapan din ang mga mag-aaral sa pagpili ng salita sapagkat, ayon sa kanila, may mga salita sa Ingles na walang tumbas sa Filipino (Aragon & Ballalo, 2023).

***Ilan sa mga pagkakamali sa adisyon ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| **Pagkakamali sa Adisyon** | **Bilang ng Error sa Deskriptibong Taksonomiya** |
|---|---|
| Magandang sumunod sa mga ipinatutupad ng **mga** gobyerno tungkol sa mga basura. | 15 |
| Kailangang **maging** mapagkakatiwalaan ang kawani ng gobyerno at mga pulitiko. | 25 |
| Hindi nila **ito** maiiwasan dahil naaadik na sila sa mga ito. | 40 |
| Pagtiyak na ang lahat ay may pantay-pantay na **pagkakaroon ng** karapatan sa edukasyon. | 52 |

Makikita sa Talahanayan ang mga pagkakamaling nakita sa adisyon ng mga sulating sanaysay gamit ang Error Analysis. Ang adisyon ay ang pagdadagdag ng titik, elemento, o salita sa isang pangungusap na hindi naman dapat lagyan o punan. Karamihan sa mga pagkakamali sa adisyon ay masasabing nasa anyo ng dobleng pluralisasyon. Makikita ang mga halimbawang ito sa mga pangungusap na ginamit ang katagang "ipinatutupad ng mga gobyerno" na kung susuriin ay hindi akmang gamitin ang "mga" sapagkat ang gobyerno ay kalahatan na ng mga nasa pamahalaan. Nasuri ng mananaliksik na ang ilan pang pagkakamali ay nasa redundancy o pag-uulit ng mga salita sa pangungusap kaya hindi nagiging akma ang paggamit nito. Halimbawa na lang dito ay ang "magandang pag-unlad" at "mag-anak ng mga bata." Sapat na ang isang salita na gamitin at hindi na kailangang gumamit pa ng iba pang salita. Ang pag-unlad ay maganda na sa kahulugan nito; gayundin, ang mag-anak ng mga bata ay hindi na dapat lagyan ng "mga bata" sapagkat talagang bata ang iaanak. Dagdag pa rito, may redundancy ang paggamit ng mga salitang "mga" dahil sa nagiging dobleng "plural form" na ang mga salita gaya ng "mga gobyerno".

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Makikita rito ang kakulangan sa pag-iingat ng mga mag-aaral sa kanilang ginagawang pagsulat ng sanaysay dahil sa hindi na nila ito nababasang muli upang tignan pa ang mga pagdadagdag ng mga salita sa kanilang mga isinusulat.

Sinusuportahan ng pag-aaral nina Erlangga et al. (2019) ang naging pagsusuring ito ng mananaliksik dahil lumabas sa kanilang pag-aaral na ikalawa ang "carelessness" o hindi pag-iingat sa pagsulat bilang dahilan ng pagkakamali ng mga mag-aaral. Mula rito ay masasabing dapat na maging maingat ang mga mag-aaral sa kanilang mga isinusulat na akademikong sulatin tulad ng pormal na sanaysay. Sinusugan pa ito ng pag-aaral ni Wulandari (2021) kung saan ang hindi rin pag-iingat sa pagsulat ang naging dahilan ng pagkakamali, kasama na ang impluwensiya ng unang wika at pagsasaling-wika. Mahalaga na maitama ang mga pagkakamali sa bahagi ng adisyon sapagkat maaaring mabago ang kahulugan ng pangungusap sa mga sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Mahalagang maitama ang mga pagkakamali sa adisyon sapagkat nakapagpapagulo ito sa pag-unawa ng mga bumabasa ng mga sulating sanaysay at nagkakaroon ng pagbabago sa kahulugan ng mensahe ng mga sulatin.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

***Halimbawang pagtatama sa mga pagkakamaling nasuri sa ispeling ng mga sulating sanaysay gamit ang error analysis***

| Korpus *(Pagkakamali)* | Deskripsyon *(Paliwanag)* | Modipikasyon *(Pagtatama)* |
|---|---|---|
| **mapa-unlad**<br>**maso-solusyunan**<br>**pinaka-ninanais**<br>**nag-bibigay**<br>**nagpapa-ganda** | Mali ang mga halimbawang salitang ito dahil ginamitan pa ng gitling kahit hindi naman kinakailangan. May mga salitang dapat lagyan ng gitling, halimbawa, kung ang unang pantig ay nagtatapos sa katinig at susundan ng patinig sa ikalawang pantig (pag-unlad, mag-asikaso). Ang mga halimbawang pagkakamali sa kaliwa ay hindi na dapat pang lagyan ng gitling sapagkat ang mga ito ay iisang salita lamang. Maaari ring gamitan ng gitling ang mga hiram na salita na nilalagyan ng panlapi sa Filipino (mag-computer, mag-dryer). | mapaunlad<br>masosolusyunan<br>pinakaninanais<br>nagbibigay<br>nagpapaganda |
| **bubuto**<br>**naten**<br>**matsyaga**<br>**ngayun**<br>**kaylangan** | Mali ang mga halimbawang salita sa kaliwa sapagkat, batay sa diksyunaryo, ay hindi ganito ang tamang ispeling. Masusuri sa mga pagkakamaling ito na naipagpapalit ng mga mag-aaral ang mga titik e at i; pati na rin ang o at u. | boboto<br>natin<br>matiyaga<br>ngayon<br>kaylangan |

Makikita sa mga talahanayan ang mga pagkakamali at pagtatama mula sa mga sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Batay sa mga pagtatama, paggamit ng salita, gramatika, ispeling, at omisyon ang ilan sa mga madalas na pagkakamali sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Ginamit na pamantayan ng mananaliksik sa pagtatama ng mga sulating sanaysay ang tuntuning pangwika gamit ang Ortograpiyang Pambansa (KWF, 2013), Balarila ng Wikang Pambansa (Santos, 2019), Makabagong Balarilang Filipino (Santiago & Tiangco, 2003), Manwal sa Masinop na Pagsulat (KWF, 2018), Mga Patnubay sa Wastong Ayos ng Pangungusap sa Filipino (Reyes, 2017), Gabayan sa Wastong Gamit ng Panlapi sa Filipino (Santos, 2018), Pangunahing Alituntunin sa Gramatika ng Wikang Filipino (Garcia, 2016), Filipino Grammar and Syntax (Bautista, 2015),

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Pagsulat at Pagwawasto sa Filipino: Mga Alituntunin sa Wastong Paggamit ng Wika (Dela Cruz, 2021), Filipino Grammar and Usage (Dela Cruz, 2017), Sintaks at Istruktura ng Wikang Filipino (Cruz, 2015), at Diksyunaryo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF, 2024). Itinama rin ang mga pagkakamali batay sa kahingian ng pagsulat ng pormal na sulating sanaysay. Sa kaliwang hanay ay ang mga pagkakamali, samantalang nasa kanan naman ang mga naging pagtatama sa mga ito. Ipinakikita ng datos na ang kakulangan sa pormal na kaalaman sa wika ay may malaking epekto sa kalinawan at bisa ng mga sinusulat na akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Ang pagtatama ay hindi lamang isinagawa upang makita ang mga pagkakamali sa pagsulat, kundi upang mapataas ang antas ng kaalaman sa wika tungo sa mas pormal at akademikong anyo nito. Nagpapakita ang pagkakamali at pagtatama na ito kung gaano kahalaga ang kaalaman sa wika at gramatika. Sa pag-aaral ni Cocjin (2021), natuklasan na ang mga dahilan ng mga pagkakamali o errors ng mga mag-aaral ay bunga ng kakulangan sa kaalaman sa gramatika at wika, na ito rin ang naging dahilan ng mga pagkakamali ng mga mag-aaral sa pananaliksik na ito.

**Bahagdan ng pagkakamali batay sa naging pagsusuri gamit ang Error Analysis:**

Makikita sa Talahanayan ang bahagdan ng mga pagkakamaling nasuri sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral.

| Pagkakamali | Bilang ng Pagkakamali | Bahagdan (%) | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Gamit ng mga Salita | 32 | 26.66 | 1 |
| Gramatika | 27 | 22.50 | 2 |
| Omisyon | 18 | 15.00 | 3 |
| Ispeling | 18 | 15.00 | 3 |
| Adisyon | 15 | 12.50 | 4 |
| Iba pang pagkakamali | 7 | 5.84 | 5 |
| Ayos ng mga salita sa pangungusap | 3 | 2.50 | 6 |
| **Kabuoan** | 120 | 100 | |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Makikita sa Talahanayan 3 na ang apat na bahagdan na may pinakamalalaking naging pagkakamali o error ay una, sa paggamit ng mga salita na may 32 pagkakamali o 26.66%, paggamit ng gramatika na may 27 pagkakamali o 22.50%, na sinundan naman ng omisyon at ispeling na may 18 na pagkakamali o 15.00%, at adisyon na may 15 pagkakamali o 12.50%. Kakaunti lang ang nakitang pagkakamali sa ayos ng mga salita sa pangungusap kasama ang bantas at kontraksyon ng salita. Makikita sa datos na ito na higit sa kalahati ng mga nakitang pagkakamali o error ay dahil sa pagkakamali sa gamit ng salita, gramatika, omisyon, at ispeling. Paggamit ng salita ang pinakamalaking bahagdan ng pagkakamali mula sa sulating sanaysay ng mga mag-aaral. Makikita sa mga maling paggamit ng salita na ang mga mag-aaral ay hindi pamilyar sa kanilang mga salitang ginagamit kaya sila nagkakamali sa kanilang pagsulat. Hindi rin malawak ang kanilang kaalaman sa bokabolaryo, na isa pang dahilan kaya sila nagkakamali sa paggamit ng mga salita. Magkatulad ang mga karaniwang naging pagkakamali na lumabas sa pag-aaral nina Calagona at Tamayo (2019) na paggamit ng salita. Sinuportahan pa ng pag-aaral ni Miko (2018) ang naging resulta ng pag-aaral na ito kung saan selection o pagpili ng salita ang naging pinakamalaking bahagdan ng pagkakamali sa nakitang pagsusuri sa pagsulat. Misselection o maling pagpili rin ng salita ang naging pinakamalaking bahagdan ng pagkakamali ng mga mag-aaral sa naging resulta ng pag-aaral ni Tapilatu (2023).

**Learning Activity Sheets na Panggramatika na Nabuo Matapos ang Ginawang Pagsusuri Gamit ang Error Analysis:**

Makikita sa bahaging ito ang proseso at pagkakabuo ng Learning Activity Sheets na Panggramatika. Naging batayan ng mananaliksik ang resulta ng naging pagsusuri upang lumikha ng mga learning activity sheets na panggramatika. Ibinatay ang mga naging gawain sa mga kasanayang pampagkatuto mula sa kurikulum ng Departamento ng Edukasyon. Narito ang mga naging batayan sa pagbuo ng Learning Activity Sheets na Panggramatika: Kinuha ang apat na pinakamalaking bahagdan ng pagkakamali na: paggamit ng salita, gramatika, ispeling, at omisyon. Ang pangunahing layunin sa pagkuha ng apat na pinakamalalaking bahagdan ng pagkakamali ay upang itama ang mga pagkakamali ng mga mag-aaral. Inilapat sa paglikha ng LAS ang Textbooks and the Tripartite Model of Curriculum ni Valderde (2012) gamit ang tatlong bahagi nito: ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Intended, Implemented, at Attained Curriculum. Makikita sa bahagi ng intended curriculum na ginamit ng mananaliksik ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa pampantayang pangnilalaman at pagganap mula sa K+12 kurikulum na kasalukuyang ginagamit ng Departamento ng Edukasyon sa pagpapatupad ng kurikulum, partikular na sa Baitang Sampu. Makikita naman sa bahagi ng implemented na sinunod ito ng mananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiya sa nabuong LAS, paglikha ng mga gawain, at pagtuturo. Sa attained curriculum naman ay inilapat ito upang makita ang mga natamong kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawain na nakaangkla sa kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral.

Ginamit ang mga gabay na tuntunin ng Learning Resource Management and Development Section ng Departamento ng Edukasyon, at ito ang mga sumusunod:Nagtakda ng malinaw at tiyak na mga layunin sa gagawing kagamitan. Naglagay ng mga espasyo para sa pangalan ng mag-aaral at iba pang kinakailangang impormasyon. Naisulat nang malinaw ang mga panuto na dapat gawin ng mag-aaral kahit pa nakikitang malinaw naman ang mga tuntunin. Naipaliwanag ang mga konsepto nang malinaw at nasa lohikal na pamamaraan upang madala ang mag-aaral sa proseso ng pag-iisip. Naging malinaw at maikli lamang ang susulatin nang hindi naisasakripisyo ang kalinawan ng pagsulat. Ang mahahabang talata ng teksto ay maaaring maging hadlang sa mag-aaral para magbasa. Bukod sa paggamit ng mga teksto, gumamit din ng visual aids tulad ng diagrams, larawan, at grapikong presentasyon na makatutulong sa mga mag-aaral na maging interesado sa nilalaman ng sinulat. Ang mga gawain ay nakatulong sa mga mag-aaral na matuto nang labas ng silid-aralan. Maaari kang magbigay ng mga halimbawang naglalarawan na tiyak na magdadala sa kanila sa aktibong pagkatuto. Isinama ang mga pamprosesong tanong na tiyak na magtatakda sa mag-aaral na magtala ng impormasyon sa iba't ibang punto (hindi lamang sa dulo).

Narito electronic copy ng mungkahing Learning Activity Sheets (LAS) na Panggramatika para sa Baitang 10:

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## IV. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga sulating sanaysay, narito ang mga naging konklusyon:

1. Nakasanayan na ng mga mag-aaral ang paggamit ng gitling kahit na hindi naman kailangan. Isinusulat nila ang mga salita ayon sa kung paano nila ito binibigkas, kaya makikita sa ilang pagkakamali na napagpapalit ang mga tunog kapag isinusulat na ang mga ito. Sa simpleng tuntuning pangwika sa gramatika, hindi malay ang mga mag-aaral. Sa paglalapi, natuklasan na ang pagsulat ng mga mag-aaral ay nakabatay sa kung paano nila ito sinasalita.
2. Batay sa naging pagtatama ng mga sulating sanaysay, kailangang bumuo ng mga pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng gramatika dahil hindi pa ganoon kaingat ang mga mag-aaral sa paggamit ng tuntuning pangwika.
3. Pinapakita ng mga bahagdan ng pagkakamali na may kakulangan sa kaalamang may kinalaman sa wastong paggamit ng salita, gramatika, omisyon, at ispeling sa pagsulat ng sanaysay. Hindi malay ang mga mag-aaral sa mga batayang kaalaman sa pagsulat ng sanaysay kaya sila nagkakamali sa pagsulat.
4. Nasunod ang mga kinakailangang proseso sa paglikha ng Learning Activity Sheets. Naitama ang mga kailangang itama sa pagbuo ng nasabing pantulong na kagamitan.
5. Nakabuo ang mananaliksik ng Learning Activity Sheets na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng naging pagsusuri.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Abang, R., & Aringay, M. (2024). Language in the classroom: An analysis of students' code-switching in the new normal. *International Journal of Innovative Science and Research Technology, 6*(9), 6988–6990. https://www.journalijisr.com/issue/language-classroom-analysis-students%E2%80%99-code-switching-new-normal

[2.] Aprianto, D. (2022). Analysis of the tertiary students' English writing errors; what errors are and what levels are. *Exposure: Jurnal Pendidikan Bahasa Inggris, 11*(1), 52–64. https://doi.org/10.26618/exposure.v11i1.7156

[3.] Aragon, J., & Ballalo, C. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino. *American Research Journal of Humanities Social Science, 6*(10), 57–61.

[4.] Asni, S. L., & Susanti, S. (2018). An analysis of grammatical errors in writing recount text at the eighth grade of SMP Negeri 20 Kota Jambi. *International Journal of Language Teaching and Education, 2*(2), 131–144. https://doi.org/10.22437/ijolte.v2i2.5205

[5.] Cambridge Dictionary. (2025). Writing. https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/writing

[6.] Cocjin, A. L. (2021). Error analysis in the written texts of pre-service teachers. *Asian Journal of Research in Education and Social Sciences, 3*(4), 17–27.

[7.] Corder, S. P. (1967). The significance of learner's errors. *IRAL: International Review of Applied Linguistics in Language Teaching, 5*(4), 161–170. https://doi.org/10.1515/iral.1967.5.1-4.161

[8.] Corder, S. P. (1974). Error analysis. In J. L. P. Allen & S. P. Corder (Eds.), *Techniques in applied linguistics*. Oxford University Press.

[9.] Crystal, D. (2003). *English as a global language*. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511486999

[10.] Cruz, M. L. (2015). *Sintaks at istruktura ng wikang Filipino*. University of the Philippines Press.

[11.] Dela Cruz, M. L. (2021). *Pagsulat at pagwawasto sa Filipino: Mga alituntunin sa wastong paggamit ng wika*. KWF Publishing.

[12.] Eng, L. S., Luyue, C., & Lim, C. K. (2020). A comparison of the English grammatical errors of Chinese undergraduates from China and Malaysia. *International Journal of Instruction, 13*(1), 931–950.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[13.] Komisyon sa Wikang Filipino. (2013). *Diksyunaryo ng wikang Filipino*. https://kwfdiksiyonaryo.ph/

[14.] Liu, Y. (2023). Differences between spoken and written English. *Communications in Humanities Research, 3*, 757–761.

[15.] Miko, A. J. (2018). *Analysis of students' grammatical errors in writing* (Doctoral dissertation, UIN Ar-Raniry Banda Aceh).

[16.] Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 58-68.

[17.] Pasaribu, A. N. (2021). A common error analysis in students' English narrative writing. *Linguistic, English Education and Art (LEEA) Journal, 4*(2), 436–445.

[18.] Tapilatu, T. (2023). Analysis of errors in English narrative writing of STIE Port Numbay students. *LADU: Journal of Languages and Education, 3*(2), 55–63.

[19.] University of Minnesota, Center for Advanced Research on Language Acquisition (CARLA). (2021). *Error analysis*. https://archive.carla.umn.edu/learnerlanguage/error_analysis.html

[20.] Watson, M. F., Lyal, C. H. C., & Pendry, C. A. (2015). *Descriptive taxonomy: The foundation of biodiversity research*. Oxford University Press.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved